

ANG IYONG INTRODUKSYON SA

RUXIENCE®

(rituximab)



Pagsisimula sa aking paggamot gamit ang RUXIENCE

Dinisenyo ang brosyur na ito para sagutin ang mga tanong mo at tulungan kang lubusang makinabang sa iyong paggamot.


Mahalagang basahin ang brosyur na ito at ilagay ito sa lugar na madaling mahanap para tulungan kang maunawaan ang iyong paggamot. Gayundin, mahalaga ring maging tapat sa team na nangangalaga sa kalusugan mo tungkol sa kalagayan mo sa paggamot. Kausapin sila kapag mayroon kang mga tanong o ikinababahalang tungkol sa plano ng paggamot mo.

Para saan ginagamit ang RUXIENCE?

Ang RUXIENCE ay isang iniiniksyon na gamot na ginagamit upang mabawasan ang mga palatandaan at sintomas ng rheumatoid arthritis (RA) bilang kumbinasyon ng methotrexate. Ang RUXIENCE bilang kumbinasyon ng mga glucocorticoid o "steroids" ay ginagamit din upang mabawasan ang pamamaga na nauugnay sa malubhang Granulomatosis na may Polyangiitis (GPA, kilala rin bilang Wegener's Granulomatosis) at Microscopic Polyangiitis (MPA) at tumutulong na makontrol ang iyong sakit.

Paano gumagana ang RUXIENCE?

Ang mga B-cell ay isang mahalagang elemento sa immune system, na tumutulong sa katawan na labanan ang impeksiyon. Gayunpaman, sa mga sakit na tulad ng RA at GPA/MPA, kumikilos nang abnormal ang immune system. Maaari itong humantong sa pag-atake sa normal na malusog na tisyu, tulad ng mga kasukasuan. Sa mga pasyente ng GPA/MPA, maaaring atakehin ng immune system ang respiratory tract (sinus, ilong, trachea [windpipe], at бага), mga bato, mata, nerbiyo, at balat.



Ang RUXIENCE ay isang monoclonal antibody. Ang mga antibody ay mga protina na ginagawa upang magbigkis sa iba pang protina na tinatawag na antigen. Nabibigkis ang RUXIENCE sa antigen sa ibabaw ng isang uri ng puting selyula ng dugo, ang B lymphocyte. Kapag nabibigkis ang RUXIENCE sa ibabaw ng selyula na ito, nagiging sanhi ito ng pagkamatay ng selyula.

Anong mga format ang makukuha para sa RUXIENCE?

Ang RUXIENCE ay makukuha bilang sterile liquid solution sa mga vial na minsan lang ginagamit. Makukuha ito sa dalawang lakas:

100 mg/10 mL (10 mg/mL)



500 mg/50 mL (10 mg/mL)



Paano ko matatanggap ang RUXIENCE?

Ang RUXIENCE ay hindi iniinom. Ibinibigay ito kasama ang mga likido sa pamamagitan ng intravenous line. Ang intravenous line, o I.V., ay isang manipis, plastic na tube na inilalagay sa isang ugat sa iyong kamay o braso. Kapag ibinibigay ang RUXIENCE sa pamamagitan ng ugat, tinatawag itong infusyon o pagsasalin.

Nagreseta ang iyong doktor ng RUXIENCE pagkatapos maingat na pag-aralan ang iyong kaso. Maaaring hindi makinabang ang ibang tao sa paggamit ng gamot na ito, kahit na maaaring mukhang katulad ng sa iyo ang kanilang mga problemang medikal.

Bago ibigay ang pagsasalin, bibigyan ka ng mga gamot upang maiwasan o mabawasan ang mga posibleng reaksiyon sa RUXIENCE.

Rheumatoid Arthritis

Ang bawat kurso ng paggamot ay binubuo ng dalawang magkahiwalay na pagsasalin na ibinibigay nang hindi bababa sa 2 linggo ang pagitan. Posible ang mga paulit-ulit na kurso ng paggamot gamit ang RUXIENCE. Depende sa mga palatandaan at sintomas ng iyong sakit, ang iyong doktor ang magpapasya kung kailan ka dapat tumanggap ng higit pang RUXIENCE.

Granulomatosis na may Polyangiitis/Microscopic Polyangiitis

Ibinibigay ang RUXIENCE bilang lingguhang pagsasalin sa ugat sa loob ng 4 na linggo.



Mahalagang impormasyon sa kaligtasan

Ano ang dapat kong malaman bago ko gamitin ang RUXIENCE?

Huwag gumamit ng RUXIENCE kung ikaw ay may alerdyi sa rituximab o mga protina na may katulad na pinagmulan o anumang iba pang hindi panggamot na sangkap sa RUXIENCE, o kung nagkaroon ka na ng bihirang impeksiyon sa utak na tinatawag na progressive multifocal leukoencephalopathy (PML). Hindi inirerekomenda ang paggamit ng Ruxience sa mga pasyente na may mga malubhang aktibong impeksiyon. Hindi inirerekomenda ang RUXIENCE maliban kung hindi pa nakontrol ang katamtaman hanggang sa malubhang rheumatoid arthritis ng mga pasyente gamit ang mga gamot na tinatawag na TNF antagonist.

Upang makatulong na maiwasan ang mga hindi kanais-nais na epekto at matiyak ang wastong paggamit, makipag-usap sa propesyonal sa pangangalaga ng iyong kalusugan bago ka gumamit ng RUXIENCE

Pag-usapan ang anumang mga kondisyon o problema sa kalusugan na maaaring dinaranas mo, kabilang kung:

- Nagkaroon ka na ng masamang reaksiyon sa rituximab o alinman sa mga hindi panggamot na sangkap.
- Allergic ka sa iba pang gamot, pagkain, o tina/pangkulay.
- Mayroon kang kasaysayan ng sakit sa puso, atake sa puso, o stroke.
- Umiinom o gumagamit ka ng anumang iba pang gamot (kabilang ang mga hindi inireseta ng doktor). Kung umiinom o uminom ka ng ibang biologic na gamot na tinatawag na TNF antagonist o DMARD (disease modifying anti-rheumatic drug). Kung umiinom ka ng gamot para mapababa ang presyon ng dugo. Kung binabalak mong magpabakuna sa panahon ng o pagkatapos makumpleto ang iyong gamutan gamit ang RUXIENCE.
- Mayroon kang dati nang sakit sa baga dahil maaaring mas malaki ang posibilidad mong magkaroon ng mga kahirapan sa paghinga sa panahon ng iyong gamutang pagsasalin ng RUXIENCE.
- Mayroon kang kasaysayan ng hepatitis B o kasalukuyang impeksiyon sa hepatitis B.
- Mayroon kang kasaysayan ng hindi gumagaling o paulit-ulit na impeksiyon.
- Buntis ka, nagpaplanong magbuntis, o nagpapasuso ng bata.

Ang impormasyong ito ay makakatulong sa inyo ng iyong doktor na magpasya kung dapat kang gumamit ng RUXIENCE at kung anong karagdagang pangangalaga ang maaaring kailanganin habang nasa paggamot ka.

Mahalagang impormasyon sa kaligtasan

Ano ang mga posibleng hindi kanais-nais na epekto ng RUXIENCE?

Hindi lang ito ang lahat ng posibleng hindi kanais-nais na epektong maaari mong maramdaman habang ginagamit ang RUXIENCE. Kung makaranas ka ng anumang hindi kanais-nais na epekto na hindi nakalista rito, kontakin ang iyong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan. Sabihin sa iyong doktor, nars, o parmasista sa lalong madaling panahon kung hindi maganda ang pakiramdam mo habang tumatanggap ka ng paggamot ng RUXIENCE.

Ang pinakakaraniwang posibleng hindi gustong epekto ay ang mga kaganapang nauugnay sa pagsasalin:

- Lagnat at mga pangangaligig
- Pagduduwal, pagsusuka, pagkapagod (pakiramdam na pagod o panghihina), sakit ng ulo, pantal sa balat, pamumula ng balat, pangangati, paghingasing o paninikip sa dibdib, pangangapos ng paghinga, hirap sa paghinga, pakiramdam na namamaga ang dila o lalamunan, pangangati ng lalamunan, rhinitis (tumutulong sipon), pansamantalang mababang presyon ng dugo, mataas na presyon ng dugo, pamumula, pagkahilo sa pagtayo, mabilis na tibok ng puso, pananakit ng dibdib, pananakit ng bibig/lalamunan, at pamamaga ng mga kamay at paa.

Kung mangyari ang mga hindi ninanais na epektong ito, pinakamadalas na sa loob ng 30 minuto hanggang 2 oras matapos simulan ang unang pagsasalin ngunit maaari ring mangyari pagkatapos ng pagsasalin. Ang mga sintomas ay kadalasang hindi malubha hanggang katamtaman, na maaaring madaling gamutin. Maaaring malubha ang mga reaksiyong ito, ngunit bihirang mangyari ito. Ang mga hindi ninanais na epektong ito ay mas madalang pagkatapos ng unang paggamot.

Ang mga hindi ninanais na epektong ito ay maiiwasan o makontrol sa pamamagitan ng:

- Pagpapabagal o pansamantalang paghinto sa iyong pagsasalin ng RUXIENCE. Puwedeng simulang muli ang paggamot kapag nawala na ang mga sintomas.
- Pagbibigay ng pampababa ng lagnat, gaya ng **TYLENOL®**, o antihistamine, gaya ng **BENADRYL®**, bago ang bawat pagsasalin ng RUXIENCE. Minsan kailangang magbigay ng mga karagdagang gamot upang magamot ang mga hindi gustong epektong ito.

Dagdag pa:

- Maaaring tagubilinan ka ng iyong doktor na huwag inumin ang iyong gamot sa presyon ng dugo 12 oras bago at ipagpaliban ang pag-inom hanggang matapos na ang iyong pagsasalin ng RUXIENCE. Pakitanong sa iyong doktor kung may mga partikular na tagubilin.
- Dahil ang ilang gamot na ibinibigay kasama ng RUXIENCE ay maaaring magdulot ng bahagyang pagkahilo o pag-aantok, dapat kang kumausap ng isang taong magmamaneho para sa iyo pauwi matapos ang bawat paggamot.

Bukod sa mga hindi gustong epekto na inilarawan sa itaas, may ilang mga hindi kanais-nais na kaganapan na partikular na natukoy sa mga pasyente ng GPA/MPA, katulad ng pananakit ng kalamnan, pagtaas ng mga enzyme sa atay, at pagdurugo ng ilong.

Mayroon ding mga posibleng hindi kanais-nais na epekto na maaaring malubha, ngunit hindi gaanong nangyayari.

Ang ilang mga pasyente ay nagkakaroon ng mga impeksyon pagkatapos ng paggamot. Kadalasan ang mga ito ay sipon, ngunit maaaring pulmonya o impeksyon sa ihi. Ang ilang iba pang mga epekto ay maaaring mangyari ngunit mas maliit ang posibilidad, kabilang ang pananakit sa tiyan, likod, dibdib, mga kalamnan at/o mga kasukasan, o sa lugar ng pinagsalanan, hindi mabuting pakiramdam, mga pagbabago sa presyon ng dugo, mga pagbabago sa tibok ng puso, pagtatae, hindi pagkatunaw ng pagkain, pagpulikat, pagkahilo, pangangigilig o pamamanhid, pagkabalisa o nerbiyos, ubo, naluluha o makating mata, tumutulong uhog o makating ilong, pagpapawis, o sinusitis.

Ang ilang mga pasyente ay mayroon ding ilang mga pagbabago sa mga pagsusuri sa dugo, kabilang ang pagbaba sa bilang ng mga pulang selyula, puting selyula, o pareho. Ang malubha ngunit bihirang mga reaksiyon, lalo na ang matinding kahirapan sa paghinga at malubhang mga reaksiyon sa balat kabilang ang pagpaltos, ay maaaring nakamamatay. Ito ang dahilan kung bakit dapat kang bantayang mabuti ng iyong doktor, at kung bakit mahalagang sabihin mo kaagad sa iyong doktor kung nakakaranas ka ng anumang kahirapan sa paghinga at anumang mga reaksiyon sa balat.

Ang ilang mga pasyente ay nagkakaroon din ng lumalalang panghihina sa isang bahagi ng katawan, pagkamalamya o pagkatumba, problema sa pag-iisip o memorya, pagbabago sa mood, o pagbabago sa paningin. Dapat mong iulat kaagad ang mga ito sa iyong doktor.

Kung tumatanggap ka ng RUXIENCE bilang kumbinasyon ng iba pang mga gamot, ang ilan sa mga hindi kanais-nais na epekto na maaari mong maranasan ay maaaring dahil sa ibang (mga) gamot.

Para sa higit pang impormasyon sa mga posibleng hindi kanais-nais na epekto ng RUXIENCE, mangyaring sumangguni sa polyeto ng impormasyon ng pasyente na ibinigay ng iyong pangkat sa pangangalagang pangkalusugan.

Kausapin ang iyong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan kung mayroon kang nakababahalang sintomas o hindi kanais-nais na epekto na hindi nakalista rito o lumala at nakakasagabal sa iyong mga aktibidad sa araw-araw.

Mahalagang impormasyon sa kaligtasan

Mga seryosong babala at pag-iingat

Ang ilang mga hindi kanais-nais na epekto ay nauugnay sa RUXIENCE; ang ilan ay maaaring malubha at nakababanta sa buhay. Ang gamot na ito ay dapat lamang gamitin ng mga propesyonal sa kalusugan na may karanasan sa paggamot sa rheumatoid arthritis sa isang lugar na agad na magagamit ang mga gamot at mga pansuportang hakbang sa pangangalaga sa kaganapan ng isang reaksiyong alerdyi sa panahon ng pagbibigay sa gamot.



Maaaring mangyari ang malulubhang reaksiyon sa pagsasalin sa panahon ng iyong pagsasalin o sa loob ng 24 na oras matapos ang iyong pagsasalin ng RUXIENCE.



May nangyari nang muling pagkakaroon ng impeksyon ng hepatitis B virus sa mga pasyente na nagpakita ng katibayan ng virus sa isang pagsusuri ng dugo. Ipinapayong masuri ang lahat ng pasyente para sa impeksyon ng hepatitis B virus bago simulan ang paggamot gamit ang RUXIENCE.



Puwedeng mangyari ang malubha, kabilang ang nakamamatay, na mga impeksyon habang o kasunod ng paggamot ng RUXIENCE. Ang isang bihirang impeksyon sa utak na tinatawag na JC virus, na nagdudulot ng progresibong multifocal leukoencephalopathy (PML) at kamatayan, ay naiulat sa mga pasyenteng may mga sakit na autoimmune na ginagamot gamit ang RUXIENCE. Mahirap mahulaan kung sino ang magkakaroon ng PML, ngunit mas karaniwan ito sa mga taong may huminang mga immune system.



May naiulat nang mga malubhang reaksiyon ng balat gaya ng Toxic Epidermal Necrolysis (TEN) at Stevens-Johnson Syndrome (SJS) ngunit napakabihira. Ang ilang kaso ay humantong sa pagkamatay.



May bibihirang naiulat nang malubha at posibleng nakamamatay na mga pangyayari sa puso at daluyan ng dugo kasunod ng paggamot gamit ang RUXIENCE.



Paghahanda para sa aking susunod na appointment

Mahalagang magtanong at sabihin sa team na nangangalaga sa kalusugan mo kung mayroon kang mga ikinababahalang tungkol sa iyong paggamot. Gamitin ang espasyo sa ibaba para isulat ang anumang bagay na gusto mong talakayin sa iyong team sa alinman sa iyong mga susunod na pagbisita.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____
6. _____
7. _____
8. _____
9. _____
10. _____



Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa team na nangangalaga sa aking kalusugan

Pangalan: _____ Numero ng telepono: _____

Pangalan: _____ Numero ng telepono: _____

Pangalan: _____ Numero ng telepono: _____

Pangalan: _____ Numero ng telepono: _____

Pangalan: _____ Numero ng telepono: _____



Maaaring makatulong ang suporta

Kung inaakala mong makakatulong sa iyo ang isang grupo ng suporta, itanong sa team na nangangalaga sa kalusugan mo ang tungkol sa mga grupo sa iyong lugar.

Mga karagdagang madudulugan

The Arthritis Research Foundation

Itinatag noong 1998, ang Arthritis Research Foundation ay naglilikom at namumuhunan ng mga pondo para sa arthritis. Bukod dito, nagsusumikap kaming dagdagan ang kamalayan sa sakit na ito.

Bisitahin ang www.beatarthritis.ca o tumawag sa 1-416-586-3224.

Arthritis Research Centre of Canada (ARC)

Ang Arthritis Research Canada ang pinakamalaking klinikal na sentro ng pananaliksik para sa arthritis sa Hilagang Amerika, na nakatuon sa pag-unawa at pagbabahagi ng kaalaman tungkol sa pananaliksik sa arthritis.

Bisitahin ang www.arthritisresearch.ca o tumawag sa 1-604-207-0400.

The Arthritis Foundation

Ang The Arthritis Foundation ay lumilikha ng network ng suporta sa pamamagitan ng mga parehong karanasan, pagbibigay kapangyarihan sa impormasyon, at makabuluhang mga koneksyon. Online man ito o personal, lahat tayo ay nagtutulungan upang maitaguyod ang mga madudulugan at pananaliksik, at upang makalikha ng mga koneksyon sa komunidad.

Bisitahin ang www.arthritis.org o tumawag sa 1-800-283-7800.

Arthritis Broadcast Network

Pinangunahan ng Arthritis Consumer Experts at Arthritis Research Canada, ang Arthritis Broadcast Network (ABN) ay isang multi-media platform para sa komunidad ng arthritis upang magbahagi ng mga balita, impormasyon, at mga kuwento tungkol sa kanilang arthritis.

Bisitahin ang www.arthritisbroadcastnetwork.org.

Joint Health™

Ang Arthritis Consumer Experts (ACE) ay isang pambansa at pinamumunuan ng pasyente na organisasyon na nagbibigay ng libre, batay sa agham na impormasyon at mga programa sa edukasyon sa parehong opisyal na mga wika sa mga taong may arthritis.

Bisitahin ang www.jointhehealth.org o tumawag sa 1-604-974-1366.

Ang mga iminumungkahing madudulugan sa pahinang ito ay hindi nagpapahiwatig ng pag-endorso ng o pagkakaugnay sa mga third party na organisasyon at ibinibigay para lang sa pagbibigay ng impormasyon. Hindi pananagutan ng Pfizer ang nilalaman ng mga site na hindi sa Pfizer.

[illegible][illegible]

Programang Suporta

PfizerFlex

Espesyalidad na suporta. Ginawang personal.

Ang Programang Suporta ng PfizerFlex ay isang isinapersonal na serbisyo na naglalayong magbigay ng medikal, pinansyal, at emosyonal na suporta sa kabuuan ng iyong paglalakbay. Ang programang suporta na ito ay nag-aalak ng impormasyon at mga tip pati na rin ng mga karagdagang madudulugan na makakatulong sa iyo sa panahon ng iyong paggamot. Kasama sa mga serbisyong iniaalok ng programang suporta na ito ang:

- **Suporta ng Call-centre** na may maginhawang mga oras ng operasyon na maaari mong maabot ang iyong Care Coach sa PfizerFlex para sa tulong at mga tanong sa pagpapatala, pag-access sa gamot, at iyong plano sa paggamot
- Tulong sa pagsaliksik sa iyong mga opsyon para sa **pinansiyal na tulong**
- **Impormasyon at mga tip sa pamumuhay** upang matulungan kang pamahalaan ang iyong RA sa tahanan at sa lugar ng trabaho
- **Mga kapaki-pakinabang na kasangkapan** upang matulungan kang manatili sa iyong plano sa paggamot at magkaroon ng isang malusog na pamumuhay

Para sa higit pang impormasyon o para magparehistro, tumawag sa 1-855-935-3539 o bisitahin ang www.pfizerflex.ca.



Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa mypfizer.ca



Ang RUXIENCE® ay isang tatak-kalakal ng Pfizer Inc. Ginagamit sa ilalim ng lisensiya.

Ang RITUXAN® ay isang rehistradong tatak-kalakal ng Genentech, Inc.

Ang TYLENOL® ay isang rehistradong tatak-kalakal ng Johnson & Johnson.

Ang BENADRYL® ay isang rehistradong tatak-kalakal ng Johnson & Johnson.

© 2022 Pfizer Canada ULC, Kirkland, Quebec H9J 2M5

PP-RIT-CAN-0073-TL

